

IMPORMASYON TUNGKOL SA

SUPORTA SA MGA BATA UPANG MASANAY SA KANILANG BUHAY-PAARALAN SA BANSANG HAPON

Ang pagtuturo at suporta sa wikang Hapon ay para sa mga batang gumagamit ng sarili nilang wika sa pang-araw-araw na pamumuhay, at kasalukuyang nag-aaral sa pampublikong paaralang elementarya at junior high school (mataas na paaralan) sa Tama City. Ito ay naglalayong makatulong sa mga bata upang madaling masanay sa kanilang buhay-paaralan sa Japan at maintindihan agad ang mga leksyong itinuturo sa eskuwelahan.

STEP 1 [Programang ipinagkatiwala ng Tama City]

Ang pagtuturo at pagsuporta sa wikang Hapon sa mga bata ay isinasagawa ng mga organisasyong pinagkakatiwalaan ng Lupon ng Edukasyon ng Tama City.

Pinagkatiwalaan ng programa: Tama City International Center (TIC) at/o
Action for a Better International Community (ABIC)

Sino ang mga karapat-dapat : Mga batang kasalukuyang nag-aaral sa pampublikong paaralang elementarya at junior high schools (mataas na paaralan) sa Tama City, at ang ginagamit na lengguwahe sa pang-araw-araw na pamumuhay ay hindi wikang Hapon.

Lugar : Sa paaralang pinapasukan ng bata

Bilang ng sesyon : Hanggang 35 beses

Ilang oras : Mula 90 min. hanggang 120 min. bawat sesyon

Wikang gamit sa pagtuturo: Sa sariling wika ng bata o kaya'y sa wikang Hapon

Bayad : Libre

Paano mag-aplay : Mag-aplay sa titser ng bata. Bibigyan kayo ng mga dokumento.

Departamentong namamahala: Tama City Education Center



Kung nais ipagpatuloy ang pag-aaral

STEP 2 [Programa ng TIC]

Kung natapos na ang 35 beses na sesyon, subalit kinakailangan pa rin ng bata na ipagpatuloy ang pagtanggap ng suporta, mangyaring sumangguni lamang sa titser ng bata.

Ang mga sertipikadong guro at mga gurong may malalawak na karanasan sa edukasyon ng mga bata mula sa TIC ang magpapatuloy sa pagsuporta at pagtuturo sa mga bata.